

## Bineripika ng Pangalan ng Bumubuo sa Kuryente sa 2022 ang mga pinagkukunan ng elektrisidad para sa SDCP

Iniaatas ng California Energy Commission na maipadala ang impormasyong ito sa mga aktibong konsumidor ng SDCP.

Ang paglabas ng datos ay kumakatawan sa enerhiyang nakuha sa panahon ng 2022 at ibinibigay sa "Taunang Ulat sa California Energy Commission: Programa ng Pagsisiwalat ng Pinagmumulan ng Kuryente."

Ang bahagi ng enerhiya ng SDCP ay nagmumula sa malinis at malalaking istasyon ng hydroelektrisidad. Sa ilalim ng batas ng California, ang malalaking istasyon ng hydroelektrisidad ay hindi kuwalipikado bilang mga karapat-dapat na renewable na mapagkukunan.

Ang mga porsyento ay hindi maaaring magkaroon ng kabuuang 100% dahil sa pag-round nito.

## 2022 Pangalan ng Bumubuo sa Kuryente

2022 PANGALAN NG BUMUBUO SA KURYENTE						
San Diego Community Power						
<a href="https://sdcommunitypower.org/resources/key-documents/">https://sdcommunitypower.org/resources/key-documents/</a>						
Intensidad ng mga Inilalabas na Greenhouse Gas (lbs CO <sub>2</sub> e/MWh)		Mga Mapagkukunan ng Enerhiya		2022 SDCP PowerOn Power Mix	2022 SDCP Power100 Power Mix	2022 CA Power Mix
2022 SDCP PowerOn Power Mix	2022 SDCP Power100 Power Mix	Karaniwang Utilidad sa CA sa 2022	Karapat-dapat na Renewable <sup>1</sup>	54.2%	100.0%	35.8%
375	0	422	Biomass at Biowaste	1.2%	0.0%	2.1%
			Heotermal	2.6%	0.0%	4.7%
			Karapat-dapat na Hydroelektrisidad	1.3%	0.0%	1.1%
			Solar	25.5%	50.0%	17.0%
			Hangin	23.6%	50.0%	10.8%
			Karbon	0.0%	0.0%	2.1%
			Malaking Hydroelektrisidad	12.8%	0.0%	9.2%
			Natural na Gas	0.0%	0.0%	36.4%
			Nuklear	0.0%	0.0%	9.2%
			Iba pa	0.0%	0.0%	0.1%
			Hindi Tinukoy na Kuryente <sup>2</sup>	33.1%	0.0%	7.1%
Posyento ng mga Retail na Pagbebenta na Sakop ng mga Wala na sa Sirkulasyon at Inihwalay na REC <sup>3</sup> :			KABUUAN	100.0%	100.0%	100.0%
				0%	0%	
<sup>1</sup> Ang karapat-dapat na renewable na porsyento sa itaas ay hindi sumasalamin sa pagsunod sa RPS, na malalaman gamit ang ibang metodolohiya. <sup>2</sup> Ang hindi tinukoy na kuryente ay elektrisidad na binili sa pamamagitan ng mga bukas na transaksyon sa merkado at hindi maiuugnay sa partikular na pinagkukunan. <sup>3</sup> Ang mga renewable energy credit (mga kredito sa renewable na enerhiya) ay sinusubaybayan ang mga instrumentong inilabas para sa pagkuha ng renewable. Ang mga inihwalay na renewable energy credit (mga REC) ay kumakatawan sa pagkuha ng renewable na hindi inihatid upang maging mga retail na pagbebenta. Ang mga inihwalay na REC ay hindi sumasalamin sa power mix o mga intensidad ng inilabas na GHG sa itaas.			<b>San Diego Community Power</b> 1 (888) 382-0169			
Para sa partikular na impormasyon tungkol sa portfolio sa elektrisidad, makipag-ugnayan sa:			<a href="https://www.energy.ca.gov/programs-and-topics/programs/power-source-disclosure-program">https://www.energy.ca.gov/programs-and-topics/programs/power-source-disclosure-program</a>			
Para sa pangkalahatang impormasyon tungkol sa Pangalan ng Bumubuo sa Kuryente, bisitahin ang:			<a href="https://www.energy.ca.gov/programs-and-topics/programs/power-source-disclosure-program">https://www.energy.ca.gov/programs-and-topics/programs/power-source-disclosure-program</a>			

## Pinatatakbo ang isang malinis at abot-kayang hinaharap para sa enerhiya

Ang **San Diego Community Power** ay ang iyong lokal na tagapagkaloob ng malinis na enerhiya sa mga kompetitibong singil. Kami ay pampublikong ahensyang pinatatakbo nang lokal at hindi nagtutubo na nag-i-invest sa aming mga customer para lumikha ng pantay-pantay at mapapanatiling kinabukasan para sa rehiyon ng San Diego.

### Paano Ito Gumagana

Bumibili kami ng renewable na enerhiya, tulad ng solar at hangin, at pagkatapos ay ipinapasok ito sa grid ng elektrisidad. Nakikipagtulungan kami sa SDG&E para ihatid ang enerhiya sa iyo sa mga kompetitibong singil.



#### SDCP

Bumibili ng elektrisidad mula sa mga renewable na pinagmumulan

#### SDG&E

Naghahatid ng kuryente at nagpapanatili ng grid

#### You

Mas malinis na kuryente, lokal na kontrol at kompetitibong singil



Sa SDCP, inuuna namin ang aming mga komunidad sa pamamagitan ng mga programa at edukasyon ng customer upang makatulong sa paggawa ng malaking hakbang tungo sa mas mapapanatiling kinabukasan para sa enerhiya.

## Bawasan ang paggamit ng enerhiya at makatipid

Narito ang San Diego Community Power para tumulong sa mga tip upang makatulong sa pamamahala ng paggamit ng enerhiya sa panahon ng matinding init upang manatili kang presko, mabawasan ang pangangailangan sa power grid, manatiling ligtas at gumastos ng mas kaunti sa iyong bayarin sa enerhiya.



Bago mag-4 pm	Sa pagitan ng 4 pm at 9 pm
<p>"I-pre-cool" ang iyong tahanan sa pamamagitan ng pagbubukas ng iyong A/C sa 72 degrees</p>	<p>I-set ang iyong A/C sa 78 degrees, kung pinahihintulutan ng kalusugan</p>
<p>I-charge ang mga de-kuryenteng sasakyan</p>	<p>Iwasan ang paggamit ng malalaking kasangkapan</p>
<p>I-charge ang mga mobile device at laptop</p>	<p>I-off ang mga hindi kinakailangang ilaw</p>
<p>Patakbuin ang mga dishwasher, washing machine at iba pang malalaking kasangkapan</p>	<p>Alisin sa saksakan ang mga hindi nagagamit na de-kuryenteng aparato</p>
<p>I-set ang mga pool pump para mapatakbo sa umaga o sa gabi</p>	<p>Gumamit ng bentilador kapag posible</p>
<p>Isara ang blinds at mga kurtina</p>	<p>Limitahan ang panahon na nakabukas ang refrigerator</p>



## Bilang iyong lokal na tagapagkaloob ng elektrisidad, narito ang San Diego Community Power para paglingkuran ka sa maaasahang enerhiya mula sa mga renewable na mapagkukunan.

Nakatuon kami sa kung ano ang pinakakailangan at pinakagusto ng mga pamilya pagdating sa kanilang enerhiya – iyon man ay pagtitipid ng pera, pagkonserba ng enerhiya o pag-alam sa mga bagong paraan upang mabawasan ang marka ng karbon.

Mula sa pagpapatuyo ng iyong mga damit, patungo sa pagpapainit ng iyong tubig na pampaligo, gumagamit ng maraming enerhiya ang ating mga tahanan. Narito ang ilan lamang sa mga nakakatulong na mapagkukunan sa aming website sa **SDCommunityPower.org**:

- Mga nagpapaliwanag at tool sa singil sa kuryente
- Pagbabayad at tulong sa bayarin
- Tanggapan ng pagbibigay ng kaalaman sa customer
- Mga madalas itanong (FAQ)

I-scan ang QR code para isalin sa wika ang filter na ito. Leer en español. Read in English. Đọc bằng tiếng Việt. اقرأ باللغة العربية.

[SDCommunityPower.org/PCL](https://SDCommunityPower.org/PCL)

